# SANGGUNIAN NG LUNSOD NG SEATTLE

## Gabay sa Pagsasagawa ng Pinaglaanang Pera ng Seattle



**Pinaglaanang Pera sa Taong 2012**

# NILALAMAN NG MGA PAHINA

## Sa loob ng isyung ito:


| | |
|---|---|
| Malugod na Pagtanggap | **3** |
| Ang Tungkulin ng Mayor at Konseho | **4** |
| Pag-unawa sa Proseso Ng Badyet ng Lungsod | **5** |
| Mga Gabay sa Pagkuha ng Suporta ng Lungsod para sa Iyong Proyekto | **9** |
| Kalendaryo sa Pag-aaral ng Badyet | **11** |
| Kalendaryo ng Pag-aaral ng Badyet | **12** |
| Tawagan Kami | **13** |
| Paano Ko Maipaparinig ang Aking Himig | **14** |
| Saan Ko Matatagpuan at Makakakuha ng Iba pang Impormasyon | **15** |

# MALUGOD NA PAGTANGGAP SA GABAY NG BADYET PARA SA MGA MAMAMAYAN NG SEATTLE

Ang pagdisenyo ng badyet para sa lungsod ay isang malaking gawain. Ito ay nangangailangan ng malawak na pagsisikap, maraming panahon at – magawa ng tama – maingat na pagsasaayos ng mga prioridad at tanggap na opinyon mula sa mga mamamayan.

Kaya dito sa aming pag-iisip ay nabuo ang aklat ng gabay sa badyet. Nais naming tulungan ang mga mamamayan na higit maunawaan nila ang badyet, ang minsang magulong prosesong aming pinagdadaanan at maghandog sa kung paano matagumpay na maiimpluwensiyahan ang proseso, sa pamamagitan ng pakikipag-usapan ng inpormasyon sa mga miyembro ng konseho at sa mga pang-publikong pagdinig.

Habang ang aktuwal na dokumento ng badyet ng Lungsod ng Seattle ay singlaki ng sukat ng talaan ng telepono ng lungsod, para doon sa mga nag-aalala sa pampublikong batas,ito ay isang tapat na larawan at prioridad ng lungsod at road map para sa kasalukuyan.

Umaasa kami na kayo ay sumama sa amin sa paglalakbay. Ang pagpapatibay ng badyet ay lubos na mahalaga upang iwanan sa iilan lamang – kinakailangan ang nayon – at kayo ay bahagi ng nayong iyan.

Maraming Salamat sa pagiging bahagi nito!

Richard Conlin
Presidente ng Konseho ng Lungsod ng Seattle

Jean Godden
Pangulo ng Komite ng Finance at Badyet

# ANG TUNGKULIN NG MAYOR AT KONSEHO

## Mayor Mike McGinn

www.seattle.gov/mayor/

Ang Mayor ang Punong Tagapagpaganap ng lungsod at bawa't taon, kanyang responsibilidad ang maghain ng balanseng badyet at anim-taong Capital Improvement Program (CIP). Ang mayor ay kinakailangang magpasa ng suhestiyong budyet sa huling bahagi ng Setyembre.

Kapag ito ay naipasa na, ang mayor at ang kanyang mga manggagawa ay dapat ng makipagtulungan sa konseho upang matapos ang mga dokumento at gawin itong final. Responsibilidad rin nito ng mayor na siguraduhing lahat ng ibat ibang departamento ng lungsod ay maisagawa at mapagtibay ang badyet.

Sa paglipas ng taon, ang pagbababago sa badyet ay maaaring kailanganin at ang nasabing pagbababago at mula sa mayor.

## Konseho ng Lungsod

www.seattle.gov/council/

Ang konseho ang lehislatibong sangay ng gobyerno ng lungsod. Tungkulin nitong ikonsidera ang naisumiteng lehislatura at batas ng lungsod. Ang konsehoang nagko-konsidera ng nai-sumiteng badyet mula sa mayor at ng CIP, at maaaring magsagawa ng konting pagbabago sa gastusin upang mapantayan ang prioridad ng batas ng konseho.

Kapag ang konseho ay nagsagawa ng mga pagbababago; kinakailangang panatilihin nitong balanse ang revenue at ang gastusin. Halimbawa, ano mang dagdag na gastos ay kailangang ibawas sa naaayong bawas at/ o dagdag na revenue. Kailangang ma-kumpleto ng konseho ang pag-aaral ng Proposed na Badyet sa huling buwan ng Nubyembre.

Bago magsagawa ng ano mang pagbababago sa Proposed na Badyet, ang konseho ay dapat humingi ng opinyon at saloobin mula sa publiko. Ang publiko ay may oportunidad na magbigay ng diretsong testimonya at mga publikong pagdinig at/ o bago ang pagpupulong ng Komite ng Badyet ng lungsod. Ang mga miyembro ng konseho ay malugod ring tatanggap ng opinyon o saloobin sa pamamagitan ng e-mail, telepono, at sa personal na mga pagpupulong.

Sa pagdaan ng taon, ang konseho ay magsasagawa rin ng pag-aaral sa mga nai-sumite na pagbababago sa badyet at hihingi rin ng pambulikong saloobin o opinyon sa deliberasyon.

# PAG-UNAWA SA PROSESO NG BADYET NG LUNGSOD

## Ang proseso ng badyet ng lungsod ay binuo sa paligid ng tatlong importanteng nilalaman:

### Ang Revenue Forecast

Ang lungsod ay kinakailangang tumakbo sa loob ng balanseng badyet angpanggastos ay di dapat na lumampas sa inaasahang mga revenue o kita. Bilang resulta,ang forecast o tinatayang revenue para sa darating na taon ang maglalarawan kung gaano karaming pondo ang nailaan sa loob ng badyet. Ang inisyal na revenue forecast ay ihahatid kasama ang nai-sumiteng badyet, ngunit ito ay kinakailangang baguhin o ayusin kung ang iba pang kondisyong pang ekonomiya o iba pang pangyayari ay magbago sa inaasahang revenue o kita ng lungsod. Ang kabuuang revenue forecast ay matatagpuan sa unang seksyon ng dokumento ng badyet.

### Ang Badyet para sa Pagpapatakbo

Ang badyet para sa pagpapatakbo ng lungsod ay naglalaan ng pondo para sa lahat ng mga departamento ng lungsod, kasama na ang pampublikong utilidad ng lungsod. Sa 2011, ang badyet na ito ay umabot sa humigit-kumulang $3.8 na bilyon. Ang pihong alokasyon sa antas ng departamento ay nakadetalye sa dokumento ng badyet.

### Ang Programa sa Pagpapabuti ng Kapital o Capital Improvement Program (CIP)

Bawat taon ang lungsod ay tatanggap ng anim na taong plano ng kapital na maaaring magpakita ng nahaharap na gastusin ng kapital ng mga departamento ng lungsod. Ang Capital Improvement Program (CIP) ay hiwalay na dokumento na inihanda linya sa badyet.



# Ang Perang Pinaglalaanan ng Lunsod ay Ipinamudmod sa Apat na Pangunahing Uri ng Pondo

**Kabuuan ng Pingatibay na Pinaglaanang Pera Noong 2011**
**$3.8 Billion**




**Pangkalahatan Kinikita ng Lunsod**

Ang mga kinita ay nagmumula sa mga bwis ng lunsod, tulad ng buwis sa pag-aari at buwis sa pinamimilihan.  Ito ang nagpopondo ng pangunahing serbisyo tulad ng pulisya, panlaban sa sunog, liwasan ang serbisyong pangtao.

**Seattle City Light**

Ang *Seattle City Light* ay pag-aari ng munisipiyo (o' lunsod) at ito ang naglalaan ng kuryente sa mga kabahayan at mga negosyo sa Seattle.  Ang halaga ng pagpapaandar ng nasabing serbisyo ay sinisingil at binabayaran ng mga gumagamit.

**Seattle Public Utilities**

Ang *Seattle Public Utilities* ay nagpapaandar ng serbisyo hinggil sa tubig, imburnal, paglilimas ng duming gawa ng tao, at pagtitipon at pagtatapon ng basura Magkakahiwalay ang singil para sa isa't-isang serbisyo na nabanggit.

**Iba Pa**

Ang kategoryang ito ay sumasakop ng mas malawak na pinanggagalingan ng bwis. Halimbawa, and lunsod as tumatanggap ng pondo mula sa Estado ng Washington at sa pamahalaan pederal.  Karamihan nito ay dapat gagamiting lamang sa iilaan bagay. Karagdagan dito, ang mga botatante ng Seattle ay sumang-ayon sa pagsingil ng lunsod ng bwis sa pag-aari para pondohan ang iba pang bagay na mas tiyak ang gamit.  Kasama dito ay ang: *Families and Education Levy* (pamilya at karunungan); *Housing Levy* (pamamahay) ; *Pike Place Market Levy* (palengke); at ang *Bridging the Gap Transportation* (pagpupuno sa kakulangan ng sasakyang).

# ANG PANGKALAHATANG PONDO

## Ang Mapagkukunan ng Pangkalahatang Pondo ng Revenue




Ang sentral na pondo kung saan ang karamihan ng mga pangkalahatang revenue ng buwis ng lungsod at opsyonal na mapagkukunan ay kinukuha, at kung saan inilalaan upang suportahan and maraming operasyon ng gobyerno ng lungsod.

- Ang buwis sa ari-arian ay nag-iisang pinakamalaking mapagkukunan ng Pangkalahatang Pondo ng lungsod. Ilang ahensiya ng gobyerno, kasali na ang Port, Distrito ng Paaralan, ang Lalawigan at ang Estado ay nangongolekta rin ng buwis sa ari-arian. Ang lungsod ay may karapatan sa mahigit kumulang na 1/3 ng tipikal na bill ng buwis ng ari-arian.

- Business and Occupation (B&O), Retail Sales, at buwis sa Utilidad na tumatayong 60% ng Pangkalahatang Pondo ng revenue, nagbabago ayon sa lokal na kondisyong pang-ekonomiya – tumataas sa magandang panahon at nananatili o bumabagsak sa masamang panahon.

# Gamit ng Pangkalahatang Pondo ng Revenue




Ang Pangkalahatang Pondo ay nagbabayad para sa pang-komunidad na serbisyo gaya ng pulisya, sunog, parke at mga silid-aklatan.

- Tandaan ang pang-pulisya, hustisyang pang-kriminal at sunog ay nasa halagang humigit kumulang sa 50% ng Pangkalahatang Pondo ng gastusin.

- Habang ang serbisyong pang-tao at transportasyon ay isang maliit na bahagi ng gastusin ng Pangkalahatang Pondo, ang mga aktibidad na ito ay maaaring makatanggap ng suportang pang-pinansyal mula sa Estado at Federal sources at mula sa voter-approved property tax levies. Ang karagdagang na pondo ay hindi ipinakita sa chart na ito.

# MGA GABAY SA PAGKUHA NG SUPORTA PARA SA IYONG PROYEKTO

Ang lungsod ay madalas na interisado sa pag-suporta sa inisyatibo at mga proyekto ng mga kinasasakupan nito ngunit ang mapagkukunan ay limitado at di kayang pondohan ng lungsod ang lahat ng nararapat na mga proyekto. Sa mga maaaring maging hadlang, ang mga sumusunod na opinyon ay maaaring makatulong sa pagkuha ng suporta mula sa lungsod.

**Pag-aralan Muna ang mga Pangkasalukuyang Programa**

Ang programang gaya ng Neighborhood Matching Fund at Neighborhood Street Fund ay maaaring maghatid ng mga oportunidad na susuporta mula sa mga nariyan ng programang mapagkukunan. Ang Departamento ng Kapitbahayan, ang Departamento ng Transportasyon ng Seattle, at iba pang ahensiya ng lungsod ay maaaring makatulong sa pag-aaral ng naisaad na mga programa.

**Simulan ng Maaga**

Kausapin ang mga naihalal na mga lider at mga departamento ng pamunuan ukol sa iyong nais na  badyet. Mas maiging magsimula sa panahon ng tagsibol kung saan ang mga namumuno ng mga departamento ay nagsasagawa ng paghingi ng konsiderasyon mula sa mayor. Ang mayor ang naghahanda ng proposed na badyet sa panahon ng tag-init para i-presenta sa lungsod ng konseho sa mga huling bahagi ng  Setyembre. Sa oras ng proseso ng  badyet sa panahon ng taglagas, ang siyam na naihalal na miyebro ng konseho ay magsasagawa ng pag-aaral ng  badyet mula sa mayor. Magsasagawa sila ng pagbabago, magdadagdag o magbabawas ng mga  bagay. ***Mas epektibong tanungin ang mayor para sa konsiderasyon ng  badyet ng mas maaga sa panahon ng prosesong ito kaysa maghintay ng  badyet na magmumula sa konseho, at subuking idagdag ang bagay sa bandang huli.*** Dahilan sa ang mayor ay nagpapasa ng balanseng badyet, ang pagdaragdag ng anuman ay nangangahulugang pagbabawas, at ito ay hindi  madaling gawin.

**Gumamit ng argument tuany na makatuwirang pagtatalo**

Kapag hihiling ng dagdag na badyet, ang mga mamamayan ay dapat na maging handa upang maipaliwanag ang proyekto at mga pangkasalukuyang katotohanan na susuporta sa pagdagdag o pagpapatuloy ng pagpopondo sa programa. Bagamat ang mga anekdotang inpormasyon at totoong kuwento ny buhay ay makakatulong, mas  mahalagang magsimula pa rin ssa tunay na nangyari.

**Ilahad no malinaw ang inyong mga goals**

Maging malinaw at layunin ukol sa kung ano ang nais mong maatim at i-dokumento ang ano mang hinihiling sa lungsod.

# MGA GABAY SA PAGKUHA NG SUPORTA PARA SA IYONG PROYEKTO

**Magpakita ng broad-based na suporta**

Ang mas maraming suporta para sa iyong proyekto ay mas makakabuti. Ang liham mula sa mga sumusuportang mga organisasyon, konseho ng komunidad, chamber of commerce at sa konseho ng distrito ng magkakapitbahay ay maaaring makatulong ng mabuti sa iyong hinihiling.

**Iugnay ang iyong hiling sa plano ng magkakapitbahay o sa prioridad ng konseho**

Ito ay makakatulong ng mahigit kung maaari mong maipakita na ang iyong hiling ay may kinalaman sa ispesipikong layunin ng konseho o ng plano ng prioridad ng magkakapitbahay.



**Magpakita ng suporta mula sa iba pang mapagkukunan**

Kung iyong maisasaad ang suportang pang-pinansyal mula sa iba pang mapagkukunan, mas mapapabuti ang kahihinatnan ng iyong proyekto. Ang oportunidad na pwersahin ang iba pang mga pondo ay magiging magandang argumento para sa suporta ng lungsod. ***At minsan, ang pinaka-magaling na pagkuha ng suporta ng lungsod ay ang inyong unang kahilangan.***

Ang lungsod ay sumusuporta sa iba't ibang programang serbisyong pantao sa pamamagitan ng pagpondo sa Departamento ng Serbisyong Pantao. Bilang bahagi ng taunang proseso ng badyet, ang konseho at ang mayor ay naglalaan ng mga pondo para sa pangkalahatang programa sa Departamento ng Serbisyong Pantao at sa pangkalahatan ay hindi naglalaan ng pondo sa ispesipikong organisasyon o ahensiya. Ang konseho ang tiyak na nag-iisip ng alokasyon sa pangkalahatang level ng programa at sa makatwid ay bukas sa ano mang opinyon o saloobin ukol sa bahagi ng programang nararapat na bigyang prioridad. Ngunit, ang Departamento ng Serbisyong Pang-tao ay responsable sa pagkalat ng pondo na inilalaan sa bawat programa. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng proseso ng request-for-proposal (RFP) na pumapayag na lahat ng tagapagbigay ng serbisyong pantao ay mabigyan ng pantay na pagkakataon para sa pondo ng lungsod. Ang mga organisasyon na nagnanais na makakuha ng suporta para sa programa ng serbisyong pantao ay dapat na tumawag sa Departamento ng Serbisyong Pantao upang malaman kung kailan ang susunod na RFP sa partikular na programa.

# KALENDARYO SA PAG-AARAL NG  BADYET

**Abril – Mayo:**

Ang mga departamento ay nakikipagtulungan sa Departamentong pangpi-nansyal upang magtaguyod ng baseline ng mga badyet at naglalarawan ang mga prioridad para sa taong.

**Mayo – Hunyo**

Pakikipagtulungan sa Departamentong Pang-pinansyal, ang mga departa mento ay bumubuo ng “ Budget Issue Papers” na nagsasaad ng potensyal na pagbabago sa baseline ng badyet.

**Hulyo – Setyembre:**

Ang mayor ang nag-aaral ng budget issue papers, isinasama ito sa na-bagong kalkulasyon ng venue at nagpapasa ng balanseng  badyet sa kon-seho sa huling buwan ng Setyembre.

**Oktubre – Nubyembre:**

Pinag-aaralan ng konseho and naipasang  badyet  ng mayor, nagkokonsid-era ng potensyal na pagbabago at nagpapasa ng balanseng badyet sa di lalampas ng Disyembre 1.



# Pagsusuri ng Paglalaan ng Pera - Sanggunian ng Lunsod ng Seattle
# Kalendaryo sa 2011 Panahong Taglagas

| Itatanghal ng Alkade ang Minungkahing Paglalaan ng Pera at ang Minungkahing CIP | Paglilitis Publiko at ang Pagpapatibay ng Sanggunian ng Paglalaan ng Pera | Pagpupulong ng Lupon ng Paglalaan ng Pera at Talkayan ng Sanggunian |
|---|---|---|

| LINGGO | LUNES | MARTES | MYERKOLES | HWEBES | BYERNES | SABADO |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Setyembre 2011** | | | | | | |
| 25 | 26 Itatanghalng Alkalde ang Minungkahing Paglalaan ng Pera para sa taong 2012 at at Minungkahing 2012-2017 CIP | 27 | 28 | 29 | 30 | |
| **Oktubre 2011** | | | | | | |
| | | | | | | 1 |
| 2 | 3 | 4 Paglilitis Publiko: 5:30 NH Silid ng Sangguniang sa Bulwagan ng Lunsod 600 4th Ave., 98104 | 5 | 6 | 7 | 8 |
| 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| 23 | 24 | 25 | 26 Paglilitis Publiko: 5:30 NH Silid ng Sangguniang sa Bulwagan ng Lunsod 600 4th Ave., 98104 | 27 | 28 | 29 |
| 30 | 31 | | | | | |
| **Nobyembre 2011** | | | | | | |
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 Ipagtitibay ng Buong Sanggunian ang 2012 Palalaan ng Pera | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |

(Petsa at Oras ng Pulong ay Maaring Magbago)



**Richard Conlin**
**Council President**

**richard.conlin@seattle.gov**
**(206) 684-8805**

Pangrehiyong Pagpapaunlad at Lupon ng Pagkabuhay, Tagapangulo



**Sally Bagshaw**

**sally.bagshaw@seattle.gov**
**(206) 684-8801**

Mga Parke at Lupon ng Center ng Seattle, Tagapangulo



**Tim Burgess**

**tim.burgess@seattle.gov**
**(206) 684-8806**

Pang-publikong Kaligtasan at Lupon ng Edukasyon, Tagapangulo



**Sally J. Clark**

**sally.clark@seattle.gov**
**(206) 684-8802**

Lupon ng Pinatayong Kapaligiran, Tagapangulo



**Jean Godden**

**jean.godden@seattle.gov**
**(206) 684-8807**

Pananalapi at Badyet: Lupon ng Badyet, Tagapangulo



**Bruce Harrell**

**bruce.harrell@seattle.gov**
**(206) 684-8804**

Enerhiya, Teknolohiya at Lupon ng mga Karapatan ng Mamamayan, Tagapangulo



**Nick Licata**

**nick.licata@seattle.gov**
**(206) 684-8803**

Pagpapabahay, Serbisyong Pangtao, Kalusugan, at Lupon ng Kultura, Tagapangulo



**Mike O'Brien**

**mike.obrien@seattle.gov**
**(206) 684-8800**

Palingkurang Bayan ng Seattle at Lupon ng mga Kapitbahayan, Tagapangulo



**Tom Rasmussen**

**tom.rasmussen@seattle.gov**
**(206) 684-8808**

Lupon ng Transportasyon, Tagapangulo

# PAANO MADIDINIG ANG AKING PAG-IISIP AT OPINYON?

**Ang Sanggunian ng Lunsod ng Seattle as maghahatag ng daan upang ikaw ay maka-lahok sa paraan ng paglalaan ng pera para sa taong ito.**

◊ **Dumalo** isa sa dalawang **Paglilits Publiko**

*Kailan*: Martes, ika-4 ng Oktubre at
Myerkoles, ika-26 ng Oktubre
5:00 p.m. Pagpatala
5:30 p.m. Paglilitis Publiko

*Saan*: Bulwagang ng Lunsod ng Seattle
Silid ng mga Konsehal, Pangalawang Palapag
600 Fourth Avenue, 98104

◊ **Panuurin**

Aktual na pulong sa webcast sa www.seattle.gov/council/live
Aktual na pulong sa cablecast sa Seattle Channel 21
Naka-teyp na pulong – tumawag sa Seattle Channel sa (206) 684-8824 o' bisitahin www.seattlechannel.org

◊ **Elktronikong Paraan**

Paki tawag o' sumulat hinggil sa inyong mga puna. Ang impormasyon ng mga ngalan at direksyon elektroniko ay mahahanap sa ika-13 pahina ng babasahin gabay na ito.

Direksyon Postal: PO Box 34025, Seattle, WA 98124-4025

◊ **Makinig**

Mapakikinggan ang aktwal na impormasyon sa (206) 684-8566

# SAAN MAHAHANAP ANG KAALAMAN HINGGIL SA PINAGLAANANG PERA?

◊ **Sa Kompyuter**

http://www.seattle.gov/council/budget/
http://www.seattle.gov/financedepartment/budgetarchives.htm
http://clerk.seattle.gov/~pubic/Budget.htm

◊ **Nakaimprenta sa Papel**

City Clerk, Research Room, 600 4th Avenue, Floor 3
Tumawag sa (206) 684-8888 para sa sipi ng babasahing ito.
Magbibigay tulong sa mga may kapansanang mental or pisikal.